# Isang Institusyunal na Kasaysayan: Ang Kaso ng Sentro ng Wikang Filipino

Ma. Luisa T. Camagay

Tinanggap ko ang paanyaya na magbahagi ngayon hapon sa kondisyon na ang aking tatalakayin ay ang Sentro ng Wikang Filipino bilang isang institusyon sa Unibersidad at ano na ang nilakbay nito sa nakaraan na 25 taon mula noong siya'y itinatag. Sa madaling sabi, isang Institusyunal na Kasaysayan ng Sentro ng Wikang Filipino (SWF) ang aking ibabahagi.

Ang Institusyunal na Kasaysayan ay isang naratibo na kumikalala sa mahahalagang ikutang pangyayari o sa Ingles turning points o historical watersheds ng isang institusyon. Sa maikling buhay ng SWF nakikita ko na may dalawang mahalagang ikutang pangyayari ang nasaksihan nito. Ang una ay ang pagkakatatag niya at ang pangalawa ay noong ito ay na-devolve at napailalim ito sa Tanggapan ng Tsanselor ng Diliman.

Talakayin muna natin ang pagkakatatag nito noong Mayo 29, 1989.

## Ang Pagkakatatag ng SWF

Taong 1986 noong nanumbalik ang demokrasiya sa ating bayan. Nangailangan ng isang bagong saligang batas na papalit sa 1972 Constitution in Ferdinand Marcos. Aktibong nakilahok ang UP sa probisyon hinggil sa wika sa 1987 Constitution. Isinaad ng bagong saligang batas na Filipino ang wikang pambansa. Nakasulat ito sa seksiyon 6 ng paksa ng Wika sa Konstitusyon ng 1987:

> Section 6. The national language of the Philippines is Filipino. As it evolves, it shall be further developed and enriched on the basis of existing Philippine and other languages.
>
> Subject to provisions of law and as the Congress may deem appropriate, the Government shall take steps to initiate and sustain the use of Filipino as a medium of official communication and as language of instruction in the educational system.

Naging panahon naman sa UP ng paghirang ng isang bagong pangulo na walang iba kundi si Jose Abueva. Isinanakatuparan ng bagong pamunuan ang probisyon ng Konstitusyon na ito sa pamamagitan ng pagkakaroon ng isang palisi hinggil sa wika.

Inaprubahan ng Lupon ng Rehente ng UP noong Mayo 29, 1989 ang isang Patakarang Pangwika (Language Policy) na nagtakda ng paggamit ng Wikang Filipino, ang pambansang wika, bilang pangunahing midyum ng pagtuturo sa di-gradwadong lebel sa loob ng isang risonableng panahon ng transisyon. Dinesisyunan ng bawat yunit ng Unibersidad ang panahon ng transisyon. Sa Diliman, limang taon; sa ibang yunit, 10 taon. Bahagi ng Patakarang Pangwika ng UP ay ang pagtatatag ng SWF na "susuporta sa gawain ng mga iskolar sa Filipino at iba pang wika sa Pilipinas." Nakasulat sa "Proposal for the Implementation of the Policy for Filipino as a Medium of Instruction at the University of the Philippines at Diliman ang kahalagahan ng isang Sentro ng Wikang Filipino o Center for Filipino Language. Ayon dito: "It is imperative that an academic center, the Center for Filipino Language be established which will conduct and encourage researches and surveys and formulate policies regarding the national language and other languages." Inilista rin nito ang mga layunin ng SWF:[1]

[1] Ulat ng Direktor para sa Sentro ng Wikang Filipino (Abril 2007–Pebrero 2009), 1.

1. Magsagawa at manghikayat ng mga pananaliksik tungkol sa elaborasyon ng mga function ng Filipino, lalo na bilang midyum ng pagtuturo at bilang opisyal na wika;
2. Maghanda at maglathala, tumulong sa paghahanda o paglalathala ng grammar at mga diksyunaryo ng Filipino at iba pang wika sa Pilipinas;
3. Magsagawa at manghikayat ng mga pananaliksik na may kinalaman sa pagpapayaman ng Filipino batay sa mga wika sa Pilipinas;
4. Magsagawa at manghikayat ng mga pananaliksik sa mga wika sa Pilipinas upang matiyak ang papel ng mga ito at kontribusyon sa pag-unlad at pagpapayaman ng Filipino;
5. Bumuo ng mga patakaran at pamantayan para sa estandardisasyon ng Filipino;
6. Magsagawa ng mga sarbey sa paggamit at pagtanggap sa Filipino sa lahat ng bahagi ng Pilipinas at sa lahat ng sector ng lipunan;
7. Magtatag at magpanatili ng sapat na aklatan ng Filipino, mga wika sa Pilipinas, at mga pambansang wika ng ibang bansa;
8. Magsilbing clearing house ng mga pananaliksik at iba pang gawaing may kinalaman sa Filipino at mga pambansang wika ng ibang bansa; at
9. Maglathala ng newsletter at journal ng Filipino.

Hinirang ng isang Sebuwanong pangulong UP ang isang kababayan bilang director ng SWF. Walang iba kundi si Propesor Teresita Maceda na nagsilbing unang director. Maganda ang naging hakbang ng pagpipili ng isang Sebuwana bilang unang director na magtaguyod ng Filipino sa harap ng malakas na pagtutol ng mga Sebuwano sa wikang Tagalog/ Filipino. Unang tanggapan ng SWF ang faculty canteen sa pangalawang palapag ng Faculty Center. Nasa gitna siya ng Departamento ng Pilipino at Panitikang ng Pilipinas at Departamento ng Linggwistiks. Dagdag

dito ay madali siya puntahan. Simboliko ang gitnang lokasyon ng SWF sa dalawang nabanggit ng mga departamento.

Dahil hindi naging malinaw ang gampanin ng SWF sa pananaliksik dahil isinaad lamang sa Patakaran sa Wika na magtatayo ang isang Sentro ng Wikang Filipino na "susuporta sa gawain ng mga iskolar sa Filipino at iba pang wika sa Pilipinas" isang konsultasyon ay isinagawa. Ipinahayag ng Departamentong Linggwistiks na ang pananaliksik tungkol sa wikang Filipino ay ginagawa na ang Departmento ng Filipino at Panitikang Pilipino (DFPP) at Departamento ng Linggwistiks (DL) at dapat huwag pasukin ito ng SWF. May naghayag rin na maaring magsaliksik ang SWF huwag lamang nilang sakupin ang ginagawa ng mga akademikong departamento.[2] Sa puntong ito lumabas ang tinatawag natin na "turfing." Ano nga ba ang SWF? Kung hindi siya tinuring na isang akademikong departamento, ano siya? Isang tanggapan administratibo? Sinikap ng SWF maturing siyang pareho: isang akademikong yunit at isang administratibong yunit. Hinimay ng SWF ang kanyang papel bilang akademikong yunit sa pamamagitan ng maaring niyang layunin:

1. Manaliksik sa pakikipag-ugnay sa Departamento ng Filipino at Panitikan ng Pilipinas, Departamento ng Linggwistiks, at Language Teaching Department;
2. Magtaguyod ng mga seminar, workshops, forum, lectures na pangwika; at
3. Maglathala ng journal na pangwika at journal sa wikang Filipino.

Samantala, bilang administratibong yunit, ang SWF ay maaring:

1. Tumulong sa produksiyong ng teksbuk na susulatin sa mga departamento;
2. Magpanatili ng isang data bank sa Wikang Filipino;

---

[2] Source Manual ng Sentro ng Wikang Filipino (Abril 1, 2001–Marso 31, 2004).

3. Maghanap ng pondo para sa pananaliksik, pagsasalin at paglalathala; at
4. Sumubaybay at tutulong sa mga kolehiyo at departamento para magamit ang Filipino bilang midyum ng pagtuturo.

Isang bagay na kinaharap ng SWF ay kung anong Filipino ang isusulong gayon dalawang uri ang umiiral noon. Bagaman magkaiba ang Filipinong isinusulong noon ng DFPP at ng DL, inanyayahan ng SWF ang mga kinatawan ng dalawa sa mga seminar workshop na itinataguyod noon ng SWF. Panahon lamang ang nagpasiya kung alin sa dalawang uri ng Filipino ang tatanggapin ng academic community ng UP.

Noong simula ang SWF ay nasa ilalim ng Tanggapan ng Presidente dahil wala pa noong mga SWF sa mga yunit ng UP at ang SWF and tumatayong sentro para sa buong sistemang UP. Ang ganitong sitwasyon ay nakatulong ng malaki sa SWF dahil sa dalawang dahilan: una, may basbas at suporta ng pinakamataas na opisyal ng Unibersidad; at pangalawa, nagmumula sa Tanggapan ng Presidenteng UP ang pantustos ng SWF.

Nang magkaroon na ng mga Tanggapan ng SWF sa iba't ibang yunit ng UP, tanging ang Diliman ang walang SWF.

Linahukan nina Presidente Jose Abueva at Emil Javier ang "roadshow" upang ipakilala ang SWF sa iba't ibang yunit ng UP. Naging abala ang SWF sa mga seminar-workshop na naglalayon na may kakayahan ang wikang Filipino sa pagtuturo. Sa pamamagitan ng mga resource persons, ipinakita na maari ituro ang mga kurso sa Matematika at Agham sa Filipino.

Bago ang debolusyon ng SWF mula UP System patungong UP Diliman, nagkaroon ang SWF ng tatlong direktor. Ito ay sina Teresita Maceda (1989–1994), Virgilio Almario (1995–1997), at Mario Miclat (1997–2001).

Taon 1997 nang inilipat ang SWF sa noon lugar ng Instructional Materials Corporation na binansagan ng mga staff ng SWF na "Wild Wild West" dahil sa layo niya sa sibilisasyon. Binawi ng KAL ang dating lugar ng SWF at ginawa muli isang Faculty Lounge.

Sa pagsusuri ng SWF, bago ang kanyang debolusyon binanggit nito na hindi gaano pinagtuunan ang UP Diliman dahil walang SWF Diliman. Wala ring balita o update sa pagpapatupad ng Palisi sa Wika sa UP. Hindi rin malinaw ang posisyong pangwika ng mga kolehiyo lalo na ang Agham at Edukasyon. Inilista rin ng SWF ang mga sumusunod na obserbasyon:

1. Hindi malinaw kung administrative o akademikong yunit ang SWF;
2. Hindi malinaw ang ugnayan ng DFPP at SWF;
3. Tungkulin palaganapin at itulak ang debelopment ng Filipino sa pagtuturo, pananaliksik at opisyal na komunikasyon;
4. Hindi saklaw ng SWF kundi ng departamento ang pananaliksik at publikasyon—magbibigay lamang ito ng suporta, pondo o lohistika;
5. Hindi naging aktibo ang SWF sa bawat kolehiyo; at
6. Walang tuwirang konsultasyon sa iba't ibang kolehiyo ang mga programang pangwika ng SWF.

Iminungkahi ng SWF ang mga sumusunod:

1. Magkaroon ng malawakan at malalim na ebalwasyon sa implementasyon ng University of the Philippines Language Policy (UPLP);
2. Isulong ang 6 na yunits ng Filipino sa General Education;
3. Pangunahan ng Tsanselor ang pagpapatupad ng UPLP;
4. Magbigay ng insentibo sa mga gurong gagamit ng Filipino;

5. Bumuo ng isang libro sa gramatikang Filipino;
6. Magkaroon ng isang kursong may 3-yunit kredit para sa mga guro ng UP na nais magturo sa Filipino;
7. Idaan sa mga dekano ang anumang programang pangwika;
8. Ipagpatuloy ang Proyektong Aklatang-bayan; at
9. Makipag-ugnayan sa mga pambansang ahensiya.

Pagkaraan ng sampung taon, haharap ang SWF sa isang pagbabago na magsisilbing ikutang pangyayari o turning point. Ito ang debolusyon ng SWF mula sa UP System tungo sa UP Diliman.

Ang Debolusyon ng SWF mula sa UP System Tungo sa UP Diliman

Ang nabanggit na debolusyon ay nangyari sa administrasyon ni Presidente Franciso Nemenzo. Sa ika-1147 miting ng Board of Regents (BOR) noong Disyembre 21, 2000, nagkaroon ng rekomendasyon ng debolusyon ng SWF mula sa UP System tungo sa UP Diliman. Sinisipi sa ibaba ang nakasulat sa katitikan ng nasabing pulong ng BOR.[3]

> Proposal to devolve the Sentro ng Wikang Filipino to UP Diliman and create in its stead a Coordinating Committee.
>
> In keeping with the BOR-approved Guides on the Creation/Devolution of System Units . . . it is proposed that the Sentro ng Wikang Filipino be devolved to UP Diliman for the following reasons:
>
> 1. All the constituent universities, except Diliman have their counterpart offices.
> 2. Having existed for 10 years, the System Sentro no longer undertakes projects on an experimental basis.

[3] Source Manual ng Sentro ng Wikang Filipino (Abril 1, 2001–Marso 31, 2004).

> 3. The work of the System Sentro (most of research, textbook writing and translation) can be done more effectively by the CUs because they have the faculty.
>
> It is therefore proposed that the SWF be transferred to UP Diliman, with all its items, equipment and other assets (including Trust Funds) effective 1 April 2001.

Ang komite na nabanggit sa itaas ay tinawag na System Komite ng Wikang Filipino at nagkaroon ito ng mga sumusunod na tungkulin:

1. To coordinate the implementation of the language policy in all campuses;
2. To review and monitor the implementation of this policy and submit regular reports;
3. To recommend changes in the University's language policy including the institution of incentives to promote the widest possible use of Filipino in instruction and research; and
4. To undertake such other tasks as may be assigned by the President in support of UP's language policy.

Ang nasabing Komite ay magpupulong dalawang beses sa loob ng isang taon at maipapailalim sa Tanggapan ng Vice President for Academic Affairs.

Tinanggap ni Galileo Zafra ang hamon ng pagbabago kung saan naging Direktor siya mula 2001 hanggang 2004. Sa pagtatapos na kanyang panunungkulan, inilista niya ang mga nagawa ng SWF at inilatag ang ilang mungkahi. Ibinahagi niya na nakapalathala na ang SWF ng isang diksyunaryo at Gabay sa Editing, pagbuo at pagtitipon ng glosari at pagbabago sa konsepto ng Daluyan bilang referreed journal at bukas maglathala ng mga artikulo hinggil sa iba't-ibang paksa at hindi lamang nakatakda sa wika. Nagmungkahi rin ang SWF ng iba't-ibang insentibo upang gamitin ang wikang Filipino bilang wikang panturo

tulad ng multiplier, pagdadag ng kategoryang Pinakamahusay na Guro sa Filipino sa Gawad Tsanselor. Kabilang sa mga mungkahing para sa susunod na pamunuan ay ang pagpapatuloy ng Aklatang Bayan sa harap ng kakulangan ng pondo; ang pagtatatag ng Komite ng Wika sa bawat Kolehiyo at pagbabalik ng SWF bilang tanggapan ng Sistemang UP.

Sa panahon na ito ay lubos na naapektuhan ang SWF sa usapin ng pondo. Sumagi rin sa isip ng SWF na hindi sa kanya nakasalalay ang pagpapatupad ng kabuuan ng Patakaran Pangwika. Kailangan ang tulong ng DFPP, ng Linggwistiks at ng Language Teaching Area ng Kolehiyo ng Edukasyon.

Hinarap rin sa panahon na ito ang suliranin ng isang permanenteng tahanan ng SWF. Nang itatayo ang mga gusali na magiging bahagi ng Science Complex at kailangang buwagin ang IMC (tahanan nila ng 13 taon), panibagong hanap ng lugar na lilipatan ang naging suliranin ng SWF. Naging proyekto ni Lilia Antonio ang pangangalap ng pondo para magtayo ng isang permanenteng tahanan ng SWF ngunit hindi ito natupad. Sa kabutihang palad ay tinanggap ng School of Urban and Regional Planning ang SWF.

Sa debolusyon ng SWF sa Diliman, malaki ang nagiging papel ng Tsanselor sa suportang pinansiyal at sa pagsulong ng paggamit sa Filipino bilang midyum ng pagtuturo, salisik at publikasyon at sa opisyal na komunikasyon. Maaring humiling sa Tsanselor na pondohan ang ilan proyekto ng SWF. Mahalaga kung gayon ang malapit na ugnayan sa pagitan ng SWF at ng Tsanselor.

Aktibo rin naglalathala ang SWF ng mga teksbuk at glosari na maaring gamitin panturo. Nitong mga nakaraan taon, may pinipili na pinakamahusay na teksbuk sa Filipino at iginagawad ito tuwing Buwan ng Wika na idinaraos tuwing Agosto. Itong nakaraang buwan ng Agosto ay kinilala ang Kolehiyo ng Pangmadlang Komunikasyon (Mass Communication) bilang natataging Kolehiyo sa Pagtataguyod sa Filipino at kinilala rin ang Pinakamahusay na Artikulo sa Daluyan.

Kailangan rin ang mahigpit na ugnayan sa pagitan ng mga Kolehiyo sa Diliman at ng SWF. Malaki ang isusulong ng Filipino bilang wikang panturo kung kabit-bisig ang iba't ibang Kolehiyo at SWF.

Malayo na ang narating ng SWF at mahaba pa ang kanyang tatahakin bilang isang institusyon na sa katunayan ay lumawak na at luminaw ang kanyang papel. Kung sa una ay linayon lamang ng Patakarang Pangwika ng UP na ang SWF ay "susuporta sa gawain ng mga iskolar sa Filipino at iba pang wika sa Pilipinas." Ngayon ay isinusulong the SWF ang Filipino bilang Wikang Panturo at ang Filipino bilang Wika na Saliksik. Ito ay masasalamin ng kanilang kasalukuyang bisyon at misyon. Ang bisyon ng SWF ay "Itaguyod ang wikang Filipino bilang midyun ng pagtuturo, saliksik, publikasyon at opisyal na komunikasyon ayon sa tadhana ng Konstitusyon 1987." Ang kanyang misyon ay "Manguna sa implementasyon ng Patakarang Pangwika sa Unibersidad ng Pilipinas Diliman."

Binasa noong 29 Septeyembre 2014
C. M. Recto Hall, Bulwagang Rizal,
University of the Philippines